

Ang UP at ang Rebolusyon ni F. Sionil Jose

Bienvenido Lumbera

Magandang hapon sa inyong lahat. Nang matanggap ko ang abstract ni Ginoong Jose, ang una kong reaksiyon ay bakit, kung ang papaksain niya ay ang University of the Philippines at ang Rebolusyon, bakit tila nakalimutan niya na nagsimula na ang rebolusyon na kanyang hinahanap. Na noon pang mga huling taon ng 1960, lumitaw na ang isang kilusan na ang layunin ay agawain ang kapangyarihan mula sa kamay ng mga naghaharing uri upang mabigyan ang mga Filipino ng tunay na kalayaan at demokrasya. Para bang ang hinihingi niya ay imbentuhing muli ng UP ang rebolusyon upang maiayon ito sa tinatawag niyang “nationalist revolution.” Tila ang tanging anyo ng rebolusyon na katanggap-tanggap sa kanya ay iyang Rebolusyon 1896 nina Bonifacio at Jacinto, isang rebolusyong ibabatay sa mga simulaing katutubo. Iyan ang impliksyon ng kanyang puna na pagkakamali ni Jose Maria Sison na sa Tsina siya humango ng ideolohiya na naging tuntungan ng Rebolusyong Pambansang Demokrasya.

Pag ating binalikan ang kasaysayan ng UP at ang naging relasyon nito sa rebolusyon, makikita na ang First Quarter Storm (FQS) ng 1970 ay panimulang hakbang ng mga kabataang nakabase sa UP, katulong ang iba pang kabataang galing sa iba pang unibersidad at kolehiyo, na simulan ang pag-agaw ng kapangyarihan mula sa kamay ng tinatawag ni Ginoong Jose na elite ng lipunang Filipino. Kinilala ni Ginoong Jose ang tapang at sigasig ng mga aktibistang lumahok sa FQS pero pinuna niya ang pagbaligtad ng mga dating rebolusyonaryong lider, na para sa kanya ay kahinaang bunga ng banyagang ideolohiyang kanilang pinanghawakan. Sa palagay ko, hindi iyan dahilan upang pagdudahan ang pagtatagumpay ng kilusang rebolusyonaryo. Ang nasaksihang pagbaligtad ng mga tinurang lider

ay hindi kataka-kata. Sa kasaysayan ng alinmang rebolusyonaryong kilusan, maging sa Rusya o sa Tsina, habang tumatakbo ang panahon at ang kilusan, mayroong mga lider na tumatalikod sa dati nilang paniniwala, at ang ilan pa ay pumapanig sa mga kaaway. Subalit kung pakasusuriin ang rekord ng mga kasamang nasa rebolusyonaryong kilusan, lilitaw na ang maraming aktibista ay nagpatuloy sa pagkilos hindi lamang sa kalunsuran kundi pati sa kanayunan. Hanggang ngayon, mga aktibista ng FQS ang siya pa ring masugid na tagapagtaguyod ng Rebolusyong Pambansa Demokrasya. Kadalasan, ang edukasyong dulot ng UP na nilapatan ng mga aral mula sa kilusan ng ibang lipunan ay siyang nagpatalim sa kanilang pasyang maging tapat sa Rebolusyong Pambansa Demokrasya.

Sa UP natayo ang rebolusyonaryong Diliman Commune, na sumagisag sa mapangahas na diwang nagpakilos sa mga estudyanteng tumutol sa karahasang ginagamit at pinahihintulutan ng estado laban sa mga mamamayang tutol sa mapanupil na patakaran nito. Totoo na ang Diliman Commune ay naging tampulan ng puna ng ilang intelektuwal at pinuno ng bansa dahil sa mga kalabisan o pagmamalabis na nangyari sa panahong ito ay umiral. Updapat namang alalahanin na ang Commune ay napaghanguan ng mga aktibista ng mahahalagang aral tungkol sa pagrerebolusyon. Ang giting at pagkamalikhain ng tumampok sa panahon ng Commune ay pakikinaabangan ng kilusang anti-diktadura nang ipailalim ni Marcos ang bayan sa Batas Militar. Sa mga taong ang media ay kontrolado ng diktadura, sa UP lamang nanatiling buhay ang malayang peryodismo. Sa pamamagitan ng *UP Collegian* at ng *Diliman Review*, naiparating sa mga mamamayan ang mga balita at opinyong hindi pinapayagang mailabas sa mga publikasyong kontrolado ng gobyerno.

Malaki na ang naging papel ng UP sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Hindi na kailangang umimbentong muli ng isa pang rebolusyon upang maganap ang pagbabagong hinahangad ng sambayanan. Ayon kay Ginoong Jose ay dapat “nationalist,” at sa kanyang pannalita, tila iyon lamang ang pagbabagong magtatagumpay dahil nakabatay ito sa mga kaisipang “katutubo” na mauunawaan at